



# ANG BATANG MARAMING BAWAL



A complete range of giftware featuring the paintings in
ANG BATANG MARAMING BAWAL is available at
www.canvasdownstream.com.

We enjoy hearing from our readers.

Please feel free to let us know what you think of this book by emailing us at info@canvas.ph, or by mail at CANVAS, No.1 Upsilon Drive Ext., Alpha Village, Diliman, Quezon City, Philippines 1119.

---

First published in hardcover by UST Publishing House, 2007
First paperback edition, 2007
Online version, 2009
Printed in the Republic of the Philippines

Book and Layout Design by Daniel Palma Tayona
Cover Illustration (IHIP SA HIMPAPAWID) by Rodel Tapaya
All illustrations originally rendered in oil on canvas
Photography by Mike Cheung / Northlight Studio




isinulat ni
FERNANDO ROSAL GONZALEZ

iginuhit ni
RODEL TAPAYA

inedit ni
OSCAR V. CAMPOMANES







Kung ang ibang bata, takot sa ospital, ako yata,
sa lahat ng mga bata ang maninibago sakaling lumipas
ang isang buwan na hindi man lamang nakakadalaw sa aking duktor.





Kami raw ang mga batang sa pagkasilang pa lang ay mayroon ng mga kapansanan. Sabi ng iba, kami raw ang mga tipo ng bata na kahit kailanman ay hindi tatanda.

Ang tawag nila sa akin, si Romeong Mapangarapin. Mahilig daw kasi akong managinip nang gising. At napansin din ng iba na ilang buwan pa lang nang ipinanganak ako, parati na akong nagtututuro ng mga bagay na kahit kailanman ay hindi ko maaabot.






Nawili akong pagmasdan mula sa ituktok ng bahay namin ang mga paisa-isang lobong kumakawala sa tuwing may kaarawan sa kapitbahay. Nahilig din ako sa pagtanaw sa mga ibon sa alapaap, sa mga paruparong tumatalon-talon sa bawat bulaklak at maging sa bahaghari.




Sa panaginip ko, parati akong lumilipad.

Kapag binabanggit ko ang mga ito kay Tatay, nangingiti lang siya sa akin. "Mahilig ka kasing manood ng mga paborito mong superheroes sa TV," sinasabi niya. "Kaya dala mo hanggang sa panaginip ang paglipad tulad nila."







Kapag nagigising na ako sa totoong mundo, pakiramdam ko'y muli na namang mananaig ang kalungkutan, ang pakiramdam na ako'y nag-iisa - malayo sa mga bata, malayo sa laro.

"Huwag kang lumabas ng bahay, Romeo.

Bawal sa iyo ang tumakbo at baka ikaw ay madapa.

Bawal sa iyo ang magalusan o masugatan.

Bawal sa iyo ang magkapasa.


Bawal sa iyo ang makipaglaro ng ball games dahil baka matamaan ka kung hindi ng kalaro mo, ay ng bola..."





Kaya madalas, mas inaasam-asam ko ang bumalik na lang sa aking mundo ng mga pangarap. Sa mundong iyon, malaya kong nagagawa ang mga bagay na kahit kailan ay hindi ko maisasakatuparan sa totoong mundo.








Isang araw, napag-isip ako.

Totoo kayang ang mundo'y
para lang
Sa malalakas,
Sa magagaling,
Sa mabibilis,
Sa mahuhusay,
Sa mga maliliksi?






Buti na lamang at nandoon si Tatay para kausapin ako.

"Tandaan mo, anak. Hindi mo man magawa ang ibang bagay, hindi iyan makasasagabal sa mga bagay na maaari mong gawin. Nandito kami ng nanay mo para suportahan ka."





May kakayahan daw akong lumikha ng mga tula, isang bagay na ikinatutuwa ng ilan kong mga guro sa paaralan.

Saan nga ba pumupunta ang
hangin
Kung hindi sa mga awitin?
Kahit pa ang mga daho'y
nalalaglag
Ang puno'y nananatiling matatag

"Saan mo hinuhugot ang mga katagang iyan, Romeo?" tanong minsan sa akin ni Inay.

"Ginagaya ko lamang po si Balagtas!" biro ko sa kanya.

Mga aklat at babasahin ang malimit kong kasama. At pinuno ko ng mga tula and mga kwaderno ko sa paaralan.

Ang nais ko'y makasama kayo
Para hindi na ako nag-iisa

Pero naisip ko, bakit ba ang maya
Lumayo ma'y bumabalik rin sa
kanyang Ina?







"Makata ka talaga!" Tuwang-tuwa si Inay nang minsang mabasa ang isinulat ko.

Niyakap niya ako. Ako na ang pumigil sa kanya.

"Inay, huwag masyadong mahigpit, at baka magkapasa ako!"




Isang gabi gumawa ako ng tula para sa aking mga magulang.

Kung Bakit Espesyal
Kayong Dalawa Sa Akin
Ni Romeong Mapangarapin

Para kayong asukal sa matabang na kape
Ang asin na pampalasa sa ulam
na kare-kare



Yelong pampalamig sa gulaman
at sago
Ang sari-saring ulam sa
nag-iisang kaning ako!





“Ano bang gusto mo para sa iyong kaarawan?” Minsan ay nabanggit sa akin ni Tatay.

“Gusto ko, ‘Tay, ng mga bagay na lumilipad – tulad ng lobo, ulap, ibon, o bahaghari…”

Dahil magaling na pintor si tatay, ngumiti na lang siya at sinimulang gumuhit sa kanyang kuwadro.

Nang dumating ang aking kaarawan, masaya niyang ibinigay sa akin ang kuwadro – buhay na buhay niyang iginuhit ang mga bagay na paboritong-paborito ko: mga lobo, ulap, ibon, at iba pang mga bagay na lumilipad.



Kinagabihan, lubos ang kasiyahan ko nang ako'y makapanaginip na ako daw ay nakasabit sa parachute at pirmeng tinatangay ng hangin at hindi makalapag-lapag sa lupa.

"Paano kaya kung libutin ko ang buong Pilipinas sa loob ng isang araw?" bulong ko sa sarili.

Wala na'ng kalarong mangangantiyaw sa akin. Walang mga nanunukso. At higit sa lahat, wala nang bawal na maaari kong gawin.






Tila yata may nakarinig sa kahilingan kong mamasyal at libutin ang buong Pilipinas sa loob ng isang araw.

Noong gabing iyon, ang dami kong narating.


Tangay-tangay ng higanteng parachute, nakita ko ang malawak na Banaue Rice Terraces, ang Bulkang Mayon, at maging ang mayuming Hundred Islands ng Pangasinan.





Masayang hinagod ng mga mata ko ang mga palayan sa Central Luzon, ang mga makasaysayang simbahan sa Ilocos, at ang mga balyenang lumulutang sa Donsol.





At kay haba-haba pala ng San Juanico Bridge na nagdurugtong sa Samar at Leyte! Kay taas din ng Mt. Apo at kay rikit ng Pagsanjan Falls!








Nagising ako na kipkip sa dibdib ang kuwadro. Uhaw na uhaw akong gumising at uminom agad ng isang basong tubig. Parang ang layo ng napasyalan ko!


Sabi ni Tatay, mukhang masayang-masaya daw ako habang natutulog dahil nakatodo ngiti raw ako.




“Tatay, napakaganda pala ng Pilipinas!”

“Talaga? Paano mo nasabi? Hindi ka pa naman nakakalayo dito sa ating bayan ah?”

“Basta, sa mga panaginip ko, nakita kong napakaganda pala ng bayan natin!”







"O, magbihis ka na. Lalakad na tayo." Paalala ni Tatay.

Mayamaya lang ay pupunta muli kami sa doktor para sa aking regular checkup.

At hindi na ako makapaghintay dahil ikukuwento ko sa aking doktor at maging sa ilang kapwa ko pasyente ang nangyari sa aking masayang paglalakbay!

# ACKNOWLEDGEMENTS

This is the winning story of CANVAS' second annual Romeo Forbes Children's Storywriting Competition. Inspired by Rodel Tapaya's painting (shown below), Fernando Gonzalez' original piece is a timely tale of innocent hope and imagination.

Its publication would not have been possible without the support of our institutional partners: The Panta Rhea Foundation, Northlight Studios, UST Publishing House, and Artery Manila; and the participation of a number of individuals: Hans Schoepflin, Mike Cheung, Lito Zulueta, Becky Bravo, Oscar Campomanes, Rebecca Añonuevo, Delan Robillos, Daniel Tayona, Ninoy Leyran and Chrys Fernandez. We therefore recognize and sincerely thank them all for their continuing belief and confidence in our vision.

The biggest difficulty we had for this project was the title "Ang Batang Maraming Bawal," for which we could not find any appropriate translation.

Suggested English titles like "The Boy Who Couldn't Do Much," "The RX Kid," "The Boy Who Couldn't," or, what probably is the closest translation, "The Boy Who Wasn't Allowed to Do a Lot of Things" – all couldn't capture the spirit of the Tagalog title.

In the end, we chose the easiest solution, which was to simply refuse to translate the title.

We hope that you will enjoy this latest CANVAS production – again, the result of a collaboration between two young Filipino talents – writer Fernando Gonzalez and visual artist Rodel Tapaya. And as before, it demonstrates how the interaction elevates both of their arts, while making their work even more accessible to and appreciable by more people.

Gigo Alampay
Executive Director, CANVAS
Manila, Philippines
June 2007



## About the Author

FERNANDO ROSAL GONZALEZ wrote "Ang Batang Maraming Bawal" at the hospital while awaiting the birth of his son. A multi-awarded fictionist, novelist, illustrator and musician, Don is presently the Creative Director of a Philippine-based multimedia production house, and the editor-in-chief of a news-magazine catering to the needs of overseas Filipino workers. He is also a member of Kuwentista ng mga Tsikiting (KUTING), the country's premiere writer's group for children.

Don is married to Josephine Añonuevo Gonzalez, with whom he has two children, Tiara Ysabelle and Ivan Zion.

## About the Artist

27-year old Rodel Tapaya-Garcia's unique style and humorous interpretation of life has made him a fast rising favorite of collectors. He is the recipient of numerous Philippine and international awards, including the grand prize of the 2001 Nokia Art Awards.

He graduated from the College of Fine Arts of the University of the Philippines, and also did intensive studies at the  Parsons School of Design in New York and the University of Art and Design in Helsinki,Finland.

Rodel currently resides in Quezon City in the Philippines.

